



California School  
DASHBOARD

# Pagkuha ng Kaalaman Tungkol sa California School Dashboard

Ang California School Dashboard (<http://www.caschooldashboard.org>) ay isang online na kasangkapan na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na makuha ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga paaralan na K-12 at mga distrito. Ang Dashboard ay nagtataglay ng madaling-basahing mga ulat tungkol sa maraming panukat ng tagumpay ng paaralan. Ang Dashboard ay isang hakbang lamang sa isang serye ng mga pagbabago na nagtaas ng sukatan para sa pagkatuto ng estudyante, binago ang pagsubok, at nagtaas ng pokus sa pagiging pantay.

## 10 Tagabatid ng Tagumpay ng Paaralan

### Mga Tagabatid ng Estado


**Anim** na tagabatid ng estado ang nagpapahintulot ng mga paghahambing sa mga paaralan at distrito batay sa impormasyong natipon sa buong estado.

- Dami ng Nagtatapos sa Mataas na Paaralan
- Pagganap sa Akademiko
- Dami ng Pagsuspende
- Progreso ng Nag-aaral ng Ingles
- Paghahanda para sa Kolehiyo/Karera (CCI)
- Patuloy na Pagliban

Ang mga resulta ay inihaharap para sa lahat ng distrito, paaralan, at nililinaw ang mga grupo ng estudyante (halimbawa, mga grupo ng lahi, mababa ang kita, mga nag-aaral ng Ingles, walang-bahay, tinatangkilik na kabataan, mga estudyanteng may kapansanan).

Ang mga paaralan at distrito ay tumatanggap ng isa sa limang isinakodigo-sa-kulay na mga antas ng pagganap sa bawat isa ng anim na tagabatid ng estado.

#### MGA ANTAS NG PAGGANAP



Ang bawat antas ng pagganap ay kinakatawan ng (1) isang kulay, at (2) maraming sinombrahan na mga bahagi. Halimbawa, ang Berde at magkakaroon ng apat na bahaging pinuno.

Ang kabuuang antas ng pagganap ay batay sa pareho ng kasalukuyang (katayuan) ng pagganap at pagbabago mula sa naunang taon (pagbabago).

### Mga Lokal na Tagabatid

**Apat** na lokal na tagabatid ang batay sa impormasyong natipon ng mga distrito, mga opisina sa edukasyon ng county, at mga charter na paaralan.

- **Mga Basikong Kalagayan**
  - Mga kuwalipikasyon ng guro
  - Ligtas at malinis na mga gusali
  - Aklat-aralin para sa lahat ng estudyante
- **Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Akademiko**
- **Mga Survey ng Klima ng Paaralan**
  - Kaligtasan ng estudyante
  - Koneksyon sa paaralan
- **Paglahok at Pakikipagtulungan ng Magulang**

Ang mga distrito ay tumatanggap ng isa ng tatlong antas ng pagganap para sa bawat isa ng apat na lokal na tagabatid:

- Natugunan
- Hindi Natugunan
- Hindi Natugunan sa Dalawang Taon

Ang impormasyon tungkol sa paaralan at grupo ng estudyante ay hindi makukuha ng mga lokal na tagabatid.

## 4 na Ulat na Nagkakaloob ng Pasadyang mga Pagtingin sa Tagumpay ng Paaralan


### Ulat ng Pagiging Pantay


Ulat ng Pagiging Pantay | Ulat ng Katayuan at Pagbabago | Mga Detalyadong Ulat | Ulat sa Grupo ng Estudyante

Ang Ulat ng Pagiging Pantay ay nagpapakita ng mga antas ng pagganap para sa lahat ng estudyante sa mga tagabatid ng estado. Ito ay nagpapakita rin ng kabuuang bilang ng mga grupo ng estudyante na tumanggap ng antas ng pagganap para sa bawat tagabatid at ilan sa mga grupo ng estudyante ang nasa dalawang pinakamababang antas ng pagganap (Pula/Dalandan). Ang kabuuang bilang ng mga grupo ng estudyante ay maaaring mag-iba dahil sa bilang ng mga antas ng grado na kasama sa loob ng bawat tagabatid. Piliin ang alinman sa may-salungguhit na mga tagabatid para sa mas detalyadong impormasyon.

Mga Tagabatid ng Estado Pagganap ng Lahat ng Estudyante

Patuloy na Pagliban Hindi Angkop

[Dami ng Pagsuspinde \(K-12\)](#) 

Progreso ng Nag-aaral ng Ingles (K-12) 

#### Nagpapakita ng:


- Pagganap ng lahat ng estudyante sa mga tagabatid ng estado
  - Bilang ng mga grupo ng estudyante na kasama sa bawat tagabatid ng estado
  - Bilang ng mga grupo ng estudyante sa Pula/Dalandan na mga antas ng pagganap
  - Pagganap sa mga lokal na panukat (antas ng distrito lamang)
- Nagpapahintulot ng pagpili ng impormasyon ng tagabatid**

### Ulat ng Katayuan/Pagbabago

Ulat ng Pagiging Pantay | Ulat ng Katayuan at Pagbabago | Mga Detalyadong Ulat | Ulat sa Grupo ng Estudyante

Ang ulat ng katayuan at pagbabago ay nagkakaloob ng antas ng pagganap para sa lahat ng estudyante sa mga tagabatid ng estado. Ito ay nagpapakita rin kung paano ang kasalukuyang taon (katayuan) ay malihambing sa mga naunang taon (pagbabago) para sa bawat tagabatid ng estado. Ang bawat isa ng katayuan at pagbabago ay may limang posibleng antas, na ipinapakita na may mga datos para sa bawat tagabatid. Piliin ang alinman sa may-salungguhit na mga tagabatid para sa mas detalyadong impormasyon.

Mga Tagabatid ng Estado Pagganap ng Lahat ng Estudyante

[Dami ng Pagsuspinde \(K-12\)](#) 

#### Ipinakikita para sa bawat tagabatid ng estado:

- Pagganap ng lahat ng estudyante
- Katayuan (kasalukuyang pagganap)
- Pagbabago (pagkakaiba mula sa nakaraang pagganap)

### Mga Detalyadong Ulat


Ulat ng Pagiging Pantay | Ulat ng Katayuan at Pagbabago | Mga Detalyadong Ulat | Ulat sa Grupo ng Estudyante

Ang ulat na ito ay nagpapakita ng impormasyon tungkol sa mga tagabatid na ginagamit upang tasahin ang pagganap sa akademiko sa Dashboard. Piliin ang alinman sa may-salungguhit na mga tagabatid para sa karagdagang detalye.

Pagganap sa Akademiko | Mga Kalagayan at Klima ng Paaralan | Paglahok sa Akademiko

Mga Tagabatid ng Estado

Tagabatid ng Progreso ng Nag-aaral ng Ingles (Mga Grado K-12)



Taon	Prosentado
2015	51.7%
2016	44.3%
2017	74.8%

#### Inorganisa sa tatlong kategorya:

- Pagganap sa Akademiko
- Mga Kalagayan at Klima ng Paaralan
- Paglahok sa Akademiko

**Nagpapakita ng tatlong taon ng mga datos ng takbo, kapag makukuha**

### Ulat sa Grupo ng Estudyante

Ulat ng Pagiging Pantay | Ulat ng Katayuan at Pagbabago | Mga Detalyadong Ulat | Ulat sa Grupo ng Estudyante

Ang ulat na ito ay nagpapakita ng mga antas ng pagganap para sa lahat ng estudyante at para sa bawat grupo ng estudyante sa mga tagabatid ng estado. Piliin ang alinman sa may-salungguhit na mga tagabatid para sa mas detalyadong impormasyon.

Mga Tagabatid ng Estado | Lahat ng Estudyante | Mga Nag-aaral ng Ingles | Tinatangkiliik na Kabataan | Walang-bahay | Mababa ang Kalagayang Pangkalahayan | Mga Estudyanteng May Kapansanan

[Dami ng Pagsuspinde \(K-12\)](#) 

#### Nagpapahintulot ng pagpili ng mga grupo ng estudyante batay sa antas ng pagganap:

- Asul/Berde
- Dilaw
- Pula/Dalandan

**Nagpapakita ng pagganap ng lahat ng estudyante at bawat grupo ng estudyante sa mga tagabatid ng estado**